Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

OFFICE OF THE MAYOR
RECEIVED
DATE 5-23-97
STA ROSA, LAGUNA

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-LABING WALONG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-14 NG MAYO, 1997 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. ARTURO M. TIONGCO - Kagawad
2. Kgg. O. RAMON L. LIJAUCO - Kagawad
3. Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE - Kagawad
4. Kgg. PAULINO Y. CAMACLANG, Jr. - Kagawad
5. Kgg. LUISITO B. ALGABRE - Kagawad
6. Kgg. URBANO J. DIA - Kagawad
7. Kgg. ROMEO P. AALA - Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay
8. Kgg. FRANCISCO G. ALMIRA, Jr. - Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

Mga Di-Dumalo:

1. Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr. - Pang. Punong-bayan
2. Kgg. RUFINO P. TAPANGCO - Kagawad
3. Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR - Kagawad

****

KAPASIYAHAN BLG. 79-'97
(Sa mungkahi ni Kag. Algabre na pinangalawahan ni Kag. Bustamante)

ANG KAPASIYAHAN NA HUMIHILING SA KGG. PUNONG-BAYAN ROBERTO R. GONZALES NA HILINGIN SA LAHAT NG BARANGAY ELECTIVE OFFICIAL AT MGA KAWANI NG PAMAHALAANG BAYAN AT IBANG SEKTOR NG PAMAHALAAN NA MAKIISA AT LUMAHOK SA ISASAGAWANG BAYANIHAN SA KALINISAN SA BAWA'T BARANGAY NG BAYANG SANTA ROSA.

SAPAGKA'T, ito na ang pinakamainam na pagkakataon na maipakita ng lahat ng namumuno ang matapat na paglilingkod sa mamamayang Santa Rosa;

SAPAGKA'T, ang programang pangkalinisan at kalusugan ay marapat lamang ipatupad sa BAYANG SANTA ROSA upang maiwasan ang laganap na pagkakasakit dulot ng maruming kapaligiran;

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayan sa mungkahi ng Komite sa Pambayang Kalusugan at Kalinisan ay nagtibay ng isang Kapasiyahan na makabili ng "cleaning tools & equipment" upang magamit sa paglulunsad sa paglilinis sa bawa't barangay alinsunod sa itinakdang talaang nakalakip na nilagyan ng TANDANG "M";

SAPAGKA'T, naisasakatuparan lamang natin ang mga ito kung ang lahat ng sektor ng ating lipunan ay makikiisa sa Programang Pangkalinisan at Kalusugan.

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

NANG DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kgg. Luisito B. Algabre ay hinihiling na pagtibayin ng Sangguniang Bayan ang paghiling sa Punong-bayan Kgg. ROBERTO R. GONZALES na hilingin sa lahat ng Bgy. Elective Official at sa iba't-ibang sektor ng pamahalaan na makiisa at lumahok sa nakatakdang araw ng paglilinis sa lahat ng barangay sa Santa Rosa.

Hinihiling na padalhan ng siping ito ang lahat ng kinauukulan.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-18 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-14 ng Mayo, 1997.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim

SCHEDULE OF BAYANIHAN SA KALINISAN

Date		Barangay
June 15, 1997	-	Malitlit
June 22, 1997	-	Dita
June 29, 1997	-	Dila
July 6, 1997	-	Santo Domingo
July 13, 1997	-	Don Jose
July 20, 1997	-	Pulong Santa Cruz
July 27, 1997	-	Balibago
August 3, 1997	-	Macabling
August 10, 1997	-	Pook
August 17, 1997	-	Labas
August 24, 1997	-	Malusak
August 31, 1997	-	Kanluran
September 7, 1997	-	Ibaba
September 14, 1997	-	Market Area
September 21, 1997	-	Tagapo
September 28, 1997	-	Sinalhan
October 5, 1997	-	Aplaya
October 12, 1997	-	Caingin